PAANO KUMUHA NG PAGSUSURI SA COVID-19



KAILANGAN BA NINYO NG TULONG? SUNDIN ANG MGA HAKBANG NA ITO:

1. Mayroon ba kayong insurance sa kalusugan?

Makipag-ugnayan sa inyong provider ng pangangalaga ng kalusugan -- nag-iiba-iba ang mga patakaran sa pagsusuri sa mga lokal na tagapagseguro. Magbibigay ng mga pagsusuri ang karamihan nang may referral mula sa inyong doktor. Siguraduhing banggitin na nagtatrabaho kayo sa isang nursing home o sa isang pasilidad ng residensyal na pangangalaga para sa matatanda.

2. Nakatira o nagtatrabaho ba kayo sa Contra Costa County?

Kumuha ng mabilis at maginhawang pagsusuri sa COVID-19 nang wala kayong babayaran, 7 araw kada linggo. Magagamit ang drive-through at mga lokasyon na walk-in sa buong county.

Tumawag sa 1-844-421-0804 para gumawa ng appointment. Magagamit ang online na pagrerehistro sa ilang lugar (Brentwood, Pinole, Walnut Creek) sa *lhi.care/info*

3. Nakatira ba kayo sa ibang lugar?

Itanong sa inyong kagawaran ng lokal na kalusugan ang tungkol sa mga pagpipilian na pagsusuri sa inyong komunidad. Karamihan ay nagpo-post ng impormasyon tungkol sa pagsusuri sa komunidad sa kanilang mga pahina sa web.

Maaari din kayong makahanap ng libre at lugar ng pagsusuri na pinatatakbo ng estado na malapit sa inyong lugar – bisitahin ang *covid19.ca.gov/testing-and-treatment - tingnan ang QR Code sa kanan.*

Kung hindi ninyo ma-access ang web, tumawag sa 1-888-634-1123.

Inirerekomenda ng Contra Costa Health Services (CCHS) na magpasuri kada buwan ang sinumang nagtatrabaho sa pasilidad na nangangalaga sa mga mas nakatatandang adulto, o iba pang may mataas na peligro ng malubhang sakit.

RESPONSE
Coronavirus (COVID-19)

CONTRA COSTA
HEALTH SERVICES